Sample Protocol for Household Visits (in Filipino language)

**Mga Hakbang sa Pagsasagawa ng Pagbabahay-bahay para sa TB Caravan**

1. Ipakilala ang sarili bilang *volunteer* ng ___________.
2. Sabihin na may proyekto ang *health center* sa __________(petsa), kung saan may libreng X-ray para sa mga pasyenteng bibigyan ng *referral*.
3. Itanong sa kanila kung ilan ang nakatira sa bahay nila na may edad 15 taon pataas.
4. Sa mga 15 taong gulang pataas, itanong kung ilan ang may ubo. Isulat ang pangalan ng mga may ubo sa *Household Screening Form*.
5. Tanungin kung ilang araw na ang ubo at isulat din ito sa Screening Form.
6. Para sa mga may ubong abot sa 2 linggo (14 araw o higit pa), bigyan sila ng *referral slip*. Sabihan sila na pumunta sa _________________ (pook kung saan gaganapin ang TB Caravan) sa takdang araw na nakasulat sa referral slip para ma-X-ray at mabigyan ng iba pang serbisyo. Isulat sa Screening Form ang bilang ng referral slip (*serial number*) at petsa na nakasulat sa referral slip.
   - **TANDAAN**: Ang referral slip ay mayroong takdang petsa at bilang upang hindi lahat ng pasyente ay magpunta sa iisang araw lamang. Ang bilang ng kliyente bawat araw ay pag-uusapan pa (halimbawa, 300 sa *Day* 1, 300 sa *Day* 2, 150 sa *Day* 3).
7. Para sa may ubo ngunit hindi pa umaabot ng 2 linggo (mas mababa sa 14 na araw), sabihan sila na babalikan ninyo sila kung mayroon pang matitirang referral slip. Ipaliwanag na uunahin muna ang mga may ubo na abot o higit pa sa 14 na araw. Ngunit kung mayroong matira, babalikan siya at bibigyan ng referral slip.
8. *(THIS PROCEDURE TO BE DISCUSSED DURING THE ORIENTATION)*. Dapat ay mag-pulong nang regular ang mga volunteers upang malaman kung ilang pamilya na ang nabisita at ilang referral slips na ang naipamigay. Kung kinakailangan, maaring ibigay ang sobrang referral slip ng ibang volunteer sa mga nangangailangan pa ng dagdag na referral slip.
9. Sa araw ng screening, hanapin sa Household Screening form ang pangalan ng bawat kliyente na pumunta sa takdang pook ng TB Caravan. Gamitin ang *building number*, *house number* at serial number sa referral slip para mahanap sa screening form. Isulat sa screening form sa *column* na "TESTED" kung nakapunta na ang ni-refer na kliyente.
10. Para sa mga binigyan ng referral slip na hindi pa dumadating ng 12pm, subukang gumawa ng paraan upang mabalikan sila at mapapunta. Kung hindi nakapunta sa Day 1 at 2, pwede silang papuntahin sa Day 3.
11. Kung ang bilang ng nagpapa–X-ray ay hindi aabot sa itinakda (dahil maraming hindi nagpupunta), sasabihin ng health center kung pwede nang mag-imbita ng iba pang tao na walang referral slip. Kabilang dito ay ang mga sumusunod:
    - Kasamahan sa bahay ng mga pasyenteng gingamot sa health center para sa TB
    - Mga residente ng ____________ (*selected site*) na may ubong higit sa 2 linggo